

Taon XXXVII Blg. 2 Enero 21, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Suportahan ang mga positibong elemento sa AFP at PNP

inibigyangpugay ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB) at iba pang rebolusyonaryong pwersa ang mga progresibong sundalo ng AFP at PNP sa ipinakikita nilang paninindigan at kapasyahang magpursige sa pakikibaka para patalsikin ang bulok, papet at anti-mamamayang rehimeng Arroyo at isulong ang isang bagong sistemang tunay na nagtataguyod sa interes ng ma-Pinatunayan ito sa pagtakas nila Capt. Nathaniel Rabonza, 1Lt. Lawrence

San Juan, 1Lt. Sonny Sarmiento at 1Lt. Patricio Bumidang noong gabi ng Enero 17 mula sa kanilang kulungan sa Fort Bonifacio. Sinundan nito ang pagtakas ni Capt. Nicanor Faeldon noong Disyembre 14 at ang kanyang pananawagan para sa civil disobedience laban sa rehimeng Arroyo.

Ang mga upisyal

Ang mga upisyal na ito ay kabilang sa m q a namuno sa protesta sa Oakwood noong 2003.

Ang mga tumakas na upisyal at mga kasamahan nilang nagtataguyod ng mga demokratiko at patriyotikong mithiin ay maituturing na mga progresibong elemento sa AFP at PNP.

Ang mga pagtakas na ito ay nagtagumpay dahil sa tulong ng kapwa nila mga sundalo at upisyal sa loob ng AFP, na tulad nila'y qalit sa bulok na rehimen at handa ring lumaban. Ipinakikita nito na lumalaking bilang ng mga elemento ng AFP at PNP ang labis nang namumuhi sa rehimen, handang kumilos para talikuran at ibagsak ito at tuluy-tuloy nang makibaka para sa pagbabago ng sistemang panlipunan. Napakahungkag ng pagmamalaki ni Arroyo na nananatiling buo ang chain of command at makaaasa pa rin siya sa katapatan ng militar at pulisya. Ang totoo, kukurog-kurog ngayon ang kanyang mga tuhod sa ibayong paglawak ng mga pwersang desididong patalsikin siya sa

Nagtaas ng alerto ang AFP-PNP at nagbanta ang Malakanyang na sasalubungin nito ng dahas ang sinumang umatras mula sa *chain of command*.

Nakalulugod ang panawagan ng mga nakatakas na upisyal sa kasundaluhan ng AFP na huwag nang magpagamit sa panu-

Mga tampok sa isyung ito...

Mga kasamang nakakulong, itinakas PAHINA 4 4 na sundalo patay, 8 sugatan sa ambus sa Samar PAHINA 5 Ka Nadia: Babaeng kumander ng BHB PAHINA 5 nupil ng mga nasa kapangyarihan at bagkus ay tumulong sa pagbubuo ng "bagong AFP na tumutugon at tapat sa interes ng sambayanan sa ilalim ng isang bagong gubyerno." Anila, taliwas ito sa palakad ng kasalukuyang rehimen na nagtataguyod lamang sa interes ng iilan. Sila, at yaong nasa poder, ang mga kaaway ng mamamayan.

Hinihikayat sila ng mga rebolusyonaryong pwersa na tuluy-tuloy at sistematikong isiwalat at batikusin ang mga katiwalian, kabulukan at kalupitan sa hanay ng mataas na pinuno at kumand ng AFP-PNP at ng qubyerno at sa kanilang pagpapagamit sa mga dayuhan at lokal na mga naghaharing interes. Malaki rin ang maiaambag nila sa paqtutol sa paqqamit nq rehimen sa mga pwersa ng AFP-PNP bilang mga tau-tauhan sa di-makatarungang gera para suhayan ang reaksyunaryong rehimen, apihin ang mamamayan at supilin ang mga pakikibaka ng mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa. Isang paraan ito sa pagpapatindi ng disintegrasyon ng papet, pasista at mersenaryong mga sandatahang pwersa ng reaksyunaryong estado.

Upang labanan ang pasistang



Kaugnay nito, handa ang mga rebolusyonaryong pwersa na kanlungin sila sa mga sonang gerilya upang matiyak ang kanilang kaligtasan.

oryentasyon ng militar at pulis, makatutulong kung puspusang palalaganapin at ikakampanya ng mga progresibong elemento sa loob ng AFP at PNP ang pagpapatupad ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), katulad ng pagpapalaganap ng PKP-BHB sa mga prubisyon ng naturang kasunduan.

Puspusan ding naggigiit ng mahahalagang reporma sa loob ng AFP at PNP ang mga positibong elemento sa militar at pulisya. Ang pagtanggi ng kasalukuyang rehimen na tugunin ang mga ito ay nagtutulak sa kanila na ipaglaban ang pagtatayo ng isang gubyernong mas magsasalamin sa interes ng bayan.

Rebolusyonaryong tungkulin natin na suportahan ang mga anti-Arroyo at progresibong sundalo sa kanilang paghahasik ng patriyotiko at demokratikong punla sa loob ng militar at pulisya, at paglaban sa maka-imperyalista, pasista at mersenaryong tradisyon nito. Kaugnay nito, handa ang mga rebolusyonaryong pwersa na kanlungin sila sa mga sonang gerilya upang matiyak ang kanilang kaligtasan.

Nag-aalok ang rebolusyonaryong kilusan na makipagtalakayan sa kanila tungkol sa kasalukuyang krisis ng naghaharing sistema, tungo sa layuning makabuo ng mga makabuluhang punto ng pagkakaisa, alyansa, kooperasyon at maging mga aksyong militar na maaaring magkasanib o koordinadong ilunsad laban sa komun na kaaway.

Kabilang ang mabubuti at progresibong sundalo at pulis sa lumalawak na hanay ng mamamayang suklam na suklam sa bogus, sinungaling, bulok, papet at brutal na paghahari ni Gloria Arroyo at handang lumaban dito. Nilalayon nila ang pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo, ang pagwawakas sa antinasyunal, anti-mamamayan at antidemokratikong pamamalakad nito at ang pagtatatag ng bagong gubyernong tunay na makabayan at demokratiko.

Bukod sa pakikipag-alyansa sa mga anti-Arroyo at progresibong grupo at elemento sa loob ng AFP at PNP, kailangan ding magdoblesikap ang mga rebolusyonaryong pwersa sa sariling tuwirang paguugnay, pagmumulat at pag-oorganisa sa hanay ng kasundaluhan at kapulisan, gayundin sa kanilang mga pamilya, kamag-anak at komunidad.

ANG Bayan

Taon XXXVII Blg. 2 Enero 21, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal

Suportanan ang mga positibong	
elemento sa AFP at PNP	1
US, tumangging isuko ang 4 na rapist	3
Balikatan, tinutulan ng mamamayan	4
Matatagumpay na TO	4
Ka Nadia: Babaeng kumander ng BHB	5
Pinanday ng panahon at karanasan	6
Armalayt, pluma at pinsel	7
Pakanang Cha-cha	8
Krisis sa kabuhayan	10
Lumalaganap na gutom	11
Lumolobong mga presyo	11
Balita	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

US, tumangging isuko ang apat na sundalong *rapist*

insan ay maaaring isaisantabi ang pagtataguyod sa pambansang kasarinlan." Ito ang walang kahihiyang idineklara ni Secretary Raul Gonzales ng Department of Justice (DoJ) sa baluktot na pagbibigay-katwiran sa pagtanggi niyang isakatuparan noong Enero 17 ang kautusan ng Olongapo City Regional Trial Court na arestuhin ang apat na sundalong Amerikano na akusado sa kasong panggagahasa.

Ang kautusan ng pag-aresto ay inilabas ng korte matapos pormal na sampahan ng kaso sina Staff Sgt. Chad Brian Carpentier at mga Lance Corporal na sina Daniel Smith, Keith Silkwood at Dominic Duplantis. Ang apat na sundalo ay inaakusahan ng panggagahasa sa isang 22 anyos na Pilipina noong Nobyembre 2005 sa Subic Bay Freeport Zone.

Tumanggi ang DoJ na ipatupad ang kautusan ng korte matapos na buong-hambog na igiit ng US Embassy na hahawakan pa rin nito ang apat na sundalo alinsunod sa mga prubisyon ng Visiting Forces Agreement (VFA). Isa itong malaking sampal sa kasarinlan at sistemang panghustisya ng gubyerno ng Pilipinas.

Sa pagtanggi ng US na isuko ang apat na sundalo sa mga awto-ridad ng Pilipinas, malinaw na sa mamamayang Pilipino na ang VFA ay dili iba't instrumento, hindi lamang upang malayang makalabasmasok ang mga tropang Amerikano sa bansa, kundi upang tiyakin ding hindi sila mapaiilalim sa awtoridad at kasarinlan ng Pilipinas.

Kabaligtaran nito, sa Germany, Japan at South Korea ay kaagad na isinusuko sa mga lokal na awtoridad ang mga sundalong Amerikanong nasasangkot sa krimen.

Labis na ikinagagalit ng iba't ibang organisasyon at personahe sa Pilipinas ang pagtanggi ng gubyernong US na isuko ang kanilang mga sundalong akusado ng mabigat na krimen.

reyt sa loob ng

Pilipinas, nagsa-

Mula pa noong Nobyembre ay naglulunsad na ang mga militanteng grupo ng mga demonstrasyon sa harap ng US embassy sa Maynila upang igiit ang pag-aresto sa mga akusado at tuligsain ang pagkainutil ng gubyerno ng Pilipinas na ipaglaban ang soberanya ng bansa at karapatan ng mamamayang Pilipino.

Nitong Enero 17, pinangunahan ng mga estudyante ang pagsusunog ng bandila ng US bilang simbolo ng kanilang protesta at panawagang ibasura ang VFA.

waqanq ibasura ang VFA. Sa ilalim ng VFA, ilang "magkasanib na pagsasanay" na nilalahukan ng mga sundalonq Amerikano at ng A F P nailunsad taun-taon mula noong 2001. Sa pamamagitan ng VFA, palagian na mayroong mga sundalong Amerikanong lantad o lihim naq-oope-

sanay ng mga pasistang sundalo ng

AFP, lumalahok sa mga operasyong militar, nang-uupat ng gera at

qarapal na paqlapastangan ng qub-

yernong US sa soberanya at kasa-

rinlan ng Pilipinas, naitulak ang Legislative Oversight Committee on

the Visiting Forces Agreement

(LOVFA) ng Kongreso at Senado na

pagtibayin ang resolusyong nana-

nawaqang pawalambisa na ang

VFA. Pinagtibay din ng LOVFA no-

ong Enero 19 ang resolusyon na

huwaq maqlalaan nq badyet sa AFP

para sa mga pagsasanay-militar na

kasama ang mga sundalong Ameri-

kano. Kaalinsabay, nagbanta ang

ilang senador na iaatras ng Pilipi-

nas ang pagkilala sa VFA bilang

paghahanda sa pagpapawalambisa

Bunga ng matinding galit sa

nang-eespiya.

dito.

ANG BAYAN Enero 21, 2006

No.

Balance Piston 06-02, tinutulan ng mamamayan

Umabot sa 5,000 ang nagrali sa harap ng kampo militar sa Carmen, North Cotabato kung saan nagsimula na ang magkasanib na pagsasanay-militar ng mga tropang Amerikano at Pilipino nitong Enero 17. Iginiit ng mga nagrali na ang pinagsanib na pagsasanay-militar na tinaguriang Balance Piston 06-02 ay isang porma ng armadong panghihimasok ng US sa bansa.

Pangunahing laman ng pagsasanay-militar ang pagpapakahusay sa pagtudla, combat lifesaving at small-unit tactics na nakatuon sa paglaban sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayang Pilipino at Bangsamoro, bukod pa sa idinadahilang pagtugis sa bandidong Abu Sayyaf. Kalahok sa naturang pagsasanay ang isa sa mga yunit ng AFP na nakadeploy laban sa Baqong Hukbong Bayan sa Davao. Pinili ang North Cotabato at Jolo bilang pangunahing erya ng mga pagsasanav dahil sa mga lugar na ito pinakamatindi ang paglaban ng mga Moro sa papet na rehimen at amo nitong US.

Unang yugto pa lamang ng Balance Piston 06-2 ang kasalukuyang inilulunsad sa North Cotabato. Magtatagal ito hanggang Pebrero 8. Agad namang magsisimula ang kasunod na yugto sa huling bahagi ng Pebrero na sasaklaw sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Aabot sa 5,500 tropang Amerikano at mahigit 2,000 sundalong Pilipino ang lalahok sa pagsasanay na magtatagal nang isang buwan. Ang pagsasanay na itong nakatakdang magsimula sa Pebrero 24 ang pinakamalaki mula nang simulan ito noong 1981. Dalawampung pinagsanib na pagsasanay ang nakatakdang ilunsad ngayong taon.

4 na sundalo napatay, 1 nasugatan sa labanan sa Abra

LIMANG pasistang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan nang makasagupa ng isang iskwad ng Agustin Begnalen Command (ABC) ng Bagong Hukbong Bayan ang isang 54-kataong yunit ng 41st IB sa Apao, Tineg, Abra nitong Enero 17. Ang labanan na tumagal nang dalawang oras ay naganap sa isang pastuhan.

Sa isang pahayag, sinabi ni Ka Diego Wadagan, tagapagsalita ng ABC, na nasa erya ang iskwad ng BHB upang siyasatin ang mga ulat hinggil sa presensya ng mga pusakal na elemento ng 41st IB at maglunsad ng mga operasyong pamarusa kung may pagkakataon. Sangkot ang 41st IB sa maraming paglabag sa karapatang-tao, sapilitang paggamit sa mga sibilyan bilang human shields, harasment at pananakot sa mga taumbaryo, pangangalabaw at pagsira sa mga pananim at iba pang pag-aari ng masa. Madalas ding maglunsad ng operasyon ang 41st IB sa mga lugar na binabalak tayuan ng malalaking minahan para mapadali ang pagpasok ng mga ito at masupil ang mga protesta ng mamamayan.

Mga kasamang nakakulong sa Batangas, itinakas ng BHB

MATAGUMPAY na nailigtas nitong Enero 14 ng mga tropa ng BHB sa ilalim ng Edgardo Dagle Command ang siyam na Pulang mandirigmang nakakulong sa Batangas Provincial Jail sa Batangas City.

Nagpanggap na mga tauhan ng SWAT ang mga gerilya at kun-wa'y mag-iintrega ng ilang preso. Sa loob lamang ng apat na minuto, nadisarmahan ng mga mandirigma ang mga pulis at gwardya at napalaya ang mga nakakulong. Sinamsam nila ang anim na pistolang .38, isang 9 mm at isang *shotgun* ng mga pulis at gwardya.

4 na armas, naagaw sa mga operasyong isparo sa Mindanao

APAT na riple ang nasamsam ng BHB sa magkasunod na operasyong isparo sa North Cotabato at Bukidnon ngayong buwan. Apat na elemento ng kaaway ang napatay at isa ang nasugatan sa mga operasyon.

Sa North Cotabato, dalawang M16 at isang M14 ang naagaw ng isang tim ng BHB matapos nilang barilin sina Sgt. Fernando Magsalang, kumander ng isang detatsment ng Philippine Army at dalawa niyang badigard na elemento ng CAFGU sa Barangay Binay, Magpet nitong Enero 20. Napatay si Magsalang at ang isa sa kanyang mga alalay, samantalang nasugatan naman ang isa pa.

Sa Bukidnon, isang M16 ang nakumpiska sa operasyong isparo na inilunsad sa poblasyon ng Don Carlos noong Enero 14. Napatay doon si SP01 Emilio Banaag at isang elemento ng CAFGU.

4 na sundalo napatay, 8 nasugatan sa ambus sa Samar

APAT na sundalo ang napatay at walo ang nasugatan nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Barangay Caranas, Motiong, Samar noong Enero 15. Ang mga sundalo, na nakapailalim sa 801st Brigade ay katatapos pa lamang mag-operasyon sa kalapit na bayan ng San Jose de Buan nang sila ay ambusin ng mga mandirigma ng Serafin Patimos Command ng BHB.

Samantala, kaiba sa unang naiulat, 32 at hindi 30 ang bilang ng armas na nakumpiska sa reyd sa istasyon ng pulisya sa Albuera, Levte noong Enero 6. Kinabibilangan ito ng 20 ripleng M16, sampung pistolang .38, isang pistolang .40 at isang ripleng .22. Bukod rito, nakasamsam din ng anim na rifle grenade; 92 magasin para sa iba't ibang armas; 2,050 bala; walong ammunition vest; isang teleskopyo, isang radyong VHF, dalawang cellphone, dalawang bag ng mga internal na dokumento ng PNP; at apat na posas. Tumagal lamang nang 25 minuto ang reyd na sinimulan nang 6:45 ng gabi. Ang nadatnang dalawang pulis sa istasyon ay dinakip ngunit agad ring pinalaya dahil wala silang mga kasalanan laban sa mamamayan.

Pagtutuwid

TALIWAS sa una naming naibalita, hindi mga ordinaryong sibilyan ang tatlo sa mga napatay sa ambus na inilunsad ng BHB sa Claveria, Masbate noong Enero 6. Pawang mga elemento ng CAFGU ang naturang mga kaswalti. Limang pulis naman ang napatay sa ambus.



Ka Nadia: Babaeng kumander ng BHB

Babae lang pala. Kayang-kaya."

Ito ang karaniwang kantyaw ng kaaway kapag naririnig nila ang boses ng mga pinunong babaeng mandirigma na sumisigaw ng mga kumand tuwing may labanan. Makailang beses na itong narinig ni Ka Nadia sa mahigit dalawampung taon niya sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Pero ni minsan ay hindi siya natinag sa pangungutya ng mga pasistang tropa. Katunayan, sa ipinakikitang husay sa mga labanan ni Ka Nadia bilang kumander militar, di miminsang ang mga mapanghamak na sundalo at upisyal ng kaaway ang mga nagiging kas-

Si Ka Nadia, 40, ay myembro ng rehiyunal na istap sa pagsasa-nay-militar sa Cagayan Valley. Taglay niya ang mga katangiang ina-asahan sa isang kadreng militar—matapang, buo ang loob, matikas at matatag. Taglay din ni Ka Nadia ang malakas na boses na nangingibabaw sa mga armadong labanan at nagsisilbing gabay sa pagkilos ng mga Pulang mandirigma.

walti o kumakaripas ng takbo.

Bilang instruktor, malaki ang papel na ginagampanan ni Ka Nadia sa paghikayat sa mga babaeng mandirigma na lalong magsikap at magpakahusay sa pagsasanay. Malaking inspirasyon kasi sa kanila ang pagiging babae ng kanilang tagapagsanay.

May espesyal na interes si Ka Nadia sa pagtukoy ng mga babaeng mandirigmang may potensyal na maging kadreng militar. Batid ni Ka Nadia na ang mga potensyal na ito ay karaniwang di madaling makita dahil sa ilang pangkultura at sikolohikal na balakid.

Ani Ka Nadia, bagamat sa kabuuan ay pareho ang pagsasanay na pinagdadaanan ng kababaihan at kalalakihang mandirigma, at may mga potensyal na kadreng militar kapwa mula sa hanay ng mga babae at lalaki, kadalasan ay kulang ang tiwala sa sarili ng kababaihan sa gayong direksyon ng pagsasanay.

Aniya, karaniwan, kapag nag-

pahayag na ng gayong pag-aalangan ang mga babaeng mandirigma ay hindi na sila hinihikayat at tinututukan na lamang ang pagpapaunlad ng kalalakihang mas may kumpyansa sa sarili.

Dito naiiba si Ka Nadia bilang instruktor. Kapag kumbinsido siya

sa potensyal ng isang babaeng mandirigma, dinidikitan niya ito, pinaliliwanagan, at binabahagian ng kanyang mga naging karanasan upang bigyan ng lakas ng loob at tiwala sa sarili. Aniya, labis niyang ikinatutuwang makakita ng mga babaeng umuunlad di lamang sa

gawaing militar kundi sa iba pang larangan ng gawain.

Ang karanasan ni Ka Nadia ay patunay lamang na sa Bagong Hukbong Bayan, ang kababaihan ay maaaring maging mahusay na mga pinunong militar katulad ng kalalakihan.

Pinanday ng panahon at karanasan

Napanday si Ka Nadia sa mahigit dalawang dekada ng pakikibaka at sakripisyo. Nagmula siya sa uring panggitnang magsasaka ngunit naging maralitang magsasaka ang kanilang pamilya nang bumagsak ang kabuhayan nila matapos mapasama sa malawakang pagbakwit dulot ng matinding militarisasyon. Dahil dito, natigil na siya sa pag-aaral pagabot ng ikalawang taon sa hayskul.

Matapos kumilos bilang aktibista, nag-organisa siya sa baryo bilang myembro ng isang malaligal na pangkat. Uminit siya sa mata ng kaaway. Para sa kaligtasan niya at para makatulong sa gawaing ekspansyon, itinalaga siya sa Ilocos Norte matapos ang ilang buwan. Dito rin niya nakilala ang kanyang naging unang kabiyak.

Hindi naging madali ang mga unang taon ni Ka Nadia sa pagkilos. Sa loob lamang ng maikling panahon, naitalaga siya sa malayong prubinsya, nagasawa at nagkaanak sa loob ng isang sonang gerilya. Halos isang taon din niyang hindi nakita ang kanyang asawa dahil sa prubinsya ng Cagayan siya idineploy. Hindi rin niya madalaw ang kanyang anak dahil mahigpit na binabantayan ng kaaway ang pamilya ni Nadia na pinaghabilinan niya nito.

Upang mapaglapit si Ka Nadia at ang kanyang asawa, itinalaga siyang muli sa Cagayan, kung saan siya naqing myembro ng istap ng Nalabaga a Gerilya, ang pahayagan noon ng BHB sa Northern Luzon. Pagkalipas ng ilang taon, itinalaga si Ka Nadia sa isa sa mga binuong buong-panahong panlabang yunit ng BHB. Kasaqsaqan noon ng regularisasyon, at lahat ng maaaring italaga sa mga panlabang yunit ay inilipat doon, kabilang ang mga nasa gawaing istap. Dito'y nagamit niyang muli ang kanyang mga kasanayan sa qawaing masa, laluna sa pagbibigay ng mga pag-aaral. Nagsilbi siyang giyang pampulitika ng isang iskwad sa ilalim ng panrehiyong yunit gerilya ng Cagayan Valley. Kalaunan ay naging instruktor pampulitika siya ng isang platun sa ilalim nito.

Alinsunod sa lantay-militar na oryentasyon no-

on, nasabak ang yunit ni Ka Nadia sa matitindi at gasgasang labanan, kabilang ang isang buwang pakikipaggitgitan sa kaaway sa Marag Valley. Tumimo sa isipan ni Ka Nadia ang mga aral mula sa panahon ng kamalian at isa siya sa mga malugod na tumanggap sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto sa rehiyon. Gayunman, noong panahon ding iyon unang napanday ang kanyang kakayahan at kasanayang militar at napagtanto ang kanyang malaking interes sa gawaing militar.

Subalit dumaan muna siya sa ilang malalaking pagsubok. Naging mabigat ang epekto ng pagkamatay ng walong kasama sa kinabilangan niyang 11-kataong iskwad noong 1995. Nahirapan si Ka Nadia na pangibabawan ang mapait na karanasang ito lalupa't kabilang siya sa pamunuan ng yunit na iyon. Bilang pag-angkop, gumampan muna siya ng ibang gawaing istap sa loob ng himpilan.

Ngunit isa pang mapait na karanasan ang nagudyok sa kanyang sumabak muli sa gawaing masa at armadong pakikibaka—ang pagkamatay ng kanyang asawa dahil sa isang malubhang sakit. Hiniling niyang maitalagang muli sa gawaing masa upang sa piling ng masa ay mas mabilis niyang maigpawan ang sakit ng pagkawala ng kanyang kabiyak.

Noong 1999 ay itinalaga siya sa larangang gerilya ng Western Cagayan bilang instruktor pampulitika ng platun; at malaon bilang pinuno ng platun nang madakip ang kanilang CO at VCO. Sa tulong ng ibang mga kadre at kasama, naisulong ang iba't ibang rebolusyonaryong gawain sa kanilang larangan, hanggang pagsanibin ang dalawang larangang gerilya sa kanluran at silangang bahagi ng prubinsya ng Cagayan upang mabuo ang Northern Front ng rehiyon.

Mula noon, tumutok na si Ka Nadia sa gawaing militar bilang instruktor ng Batayang Kursong Pulitiko-Militar. Muli ring tumibok ang kanyang puso nang makilala niya ang isang kapwa kadreng militar. Limang taon matapos pumanaw ang kanyang unang asawa, muli siyang nakipag-isang dibdib.

Armalayt, pluma at pinsel

aan man nakahimpil ang iba't ibang platun ng Bagong Hukbong Bayan sa mga larangang gerilya sa Panay, ganitong eksena ang ating matutunghayan: Tuwing umaga, matapos mag-ehersisyo ang mga Pulang mandirigma, nagpupulong ang Yunit Kumand ng Platun. May hiwalay na pagtitipon din ang Seksyong Pampulitika na kinabibilangan ng mga giyang pampulitika (GP) ng bawat iskwad at pinamumunuan ng Instruktor Pampulitika ng Platun.

Karaniwang pinag-uusapan sa pulong ng dalawang pamunuan sa platun ang kani-kanilang bahagi sa implementasyon ng araw-araw na mga gawain sa ideolohiya, pulitika, organisasyon at militar na inilatag ng Sangay ng Partido. Inaasikaso ng Yunit Kumand ang mga gawaing militar, gawaing administratibo at iba pang gawaing iniatas ng Partido. Mga gawaing pampulitika, edukasyon at kultural naman ang responsibilidad ng Seksyong Pampulitika. Palagiang nagkokonsultahan at nagtutulungan ang mga pinuno ng Yunit Kumand at ng Seksyong Pampulitika.


Kung may nakasalang na malaki o mahalagang usapin na kailangang pagkaisahan ng buong platun, nagpapatawag ng Pangkalahatang Pulong ang Yunit Kumander. Dito yumayabong ang demokrasya sa pulitika. Sa matamang superbisyon ng Seksyong Pampulitika nagiging masigla at mabunga ang mga pagpapalitan ng mga ideya't kurokuro ng bawat Pulang mandirigma, at bawat mandirigma at upisyal ng Hukbo. Pinagtutulungan ng Yunit Kumand at Seksyong Pampulitika ang pagdaraos ng mga pagsasanay pulitiko-militar at bukod sa mga kadreng kabilang dito ay nagsasama pa sila ng iba pang may kakayahan at potensyal mula sa mga iskwad para bumuo ng istap panginstruksyon.

Sa ganitong mga kalakaran, ang hukbong bayan ay nagiging pandayan ng mga aktibista at kadreng pulitiko-militar ng rebolusyon.

Napakasigla sa partikular ng gawaing propaganda-kultural ng mga platun sa buong Panay. Regular na bahagi ito ng araw-araw na buhay ng Pulang hukbo sa mga larangang gerilya ng Panay. Sa patuloy na palitan ng mga ideya sa loob ng mga pormasyong platun, napapanday ang mga yunit ng BHB hindi lamang bilang hukbong marunong lumaban kundi bilang hukbong mayaman sa kultura. Malalim na nakatimo sa kaisipan ng bawat upisyal at mandirigma ng mga platun dito ang paniniwalang "Ang isang hukbong walang kultura ay isang mapurol na hukbo at walang kakayahang gapiin ang kaaway."

Patunay ng sigla ng gawaing pangkultura sa loob ng Pulang hukbo ang paglalabas ng "Pabalon kag iban pang binalaybay" ("Pabaon at iba pang mga berso")—isang 68pahinang koleksyon ng 50 tulang inipon ng Seksyong Pampulitika ng isa sa mga platun sa ilalim ng Jose Percival Estocada Jr. Command sa Central Front-Panay. Ginawa ang pagtitipon ng mga tulang ito sa gitna ng halos walang patlang na pag-atake ng mga Reengineered Special Operations Team (RSOT), mga operasyong strike at civil-military operations ng Task Force Panay ng 3rd Infantry Division ng Philippine Army noong huling bahagi ng taong 2004. Inilathala ang naturang koleksyon noong 2005.

Ang mga tulang karamiha'y nakasulat sa Hiligaynon at Kinaray-a ay pawang likha ng mga Pulang mandirigma, kasapi at kadre ng Partido na nanggaling sa uring manggagawa, mga Tumanduk, magsasaka at petiburgesyang lunsod at myembro ng isang platun. Sa platung ito, tatlo lamang ang may pormal na kaalaman o pagsasanay sa gawaing pangkultura bago maging Pulang mandirigma. May walo pang nakapagpaunlad ng kasanayan para sa pagsusulat ng mga



tula sa panahong nakasanib na sila sa hukbong bayan. Ang iba pa ay nag-aaral pa lamang sa pagsusulat ng tula, kasabay ng pagsasanay sa literasiya at numerasiya. Kasama rin sa "Pabalon" ang 45 drowing na ginawa rin ng iba't ibang Pulang mandirigma sa platun.

Ilang buwan makaraang mailathala ang koleksyong ito, nakapag-ipon din ng kanila ring 70-pahinang koleksyon ng mga tula, komposo, sanaysay, maikling kwento at ilustrasyon ang mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Napoleon Tumagtang Command ng Southern Front-Panay. Nailathala ang kanilang koleksyon noong Mayo 2005.

Ang mga kagawad ng mga platung ito ay mga mandirigma at kumander ng isang makapangyarihang pambansa-demokratikong rebolusyong pangkultura na may sosyalistang oryentasyon.

Minamadaling Cha-cha: Maniobrang makadayuhan at maka-Arroyo

alawakang pagtutol ang sumalubong sa mga balak ng rehimeng Arroyo na madaliin at ipilit ang mga pagbabago sa reaksyunaryong konstitusyon ("chacha" o *charter change*). Sa mga araw matapos ang deklarasyon ni Arroyo at ng partidong Lakas-Christian Muslim Democrats (Lakas-CMD) na "gagamitin nito ang superyor na pwersa" para itulak ang mga pagbabago sa konstitusyon, tumindig ang iba't ibang mga organisasyon, sektor, personahe, pulitiko, maging ang ilang mga kapartido ni Arroyo, laban sa mga balak na pagbabago sa konstitusyon.

Halos nagkakaisa nilang iginiit na ang itinutulak na "chacha" ay ginagamit lamang ng Malakanyang upang idiskaril at tabunan ang malawakang panawagang wakasan ang rehimeng Arroyo at tiyakin ang pananatili ni Arroyo sa poder. Binatikos din ng iba't ibang sektor ang planong kanselahin ang eleksyon sa 2007 at palawigin hanggang 2010 ang termino ng lahat ng halal na upisval ng gubverno.

Nitong Enero 14, sa direksyon ni Gloria Arroyo, nagpulong ang National Directorate ng Lakas-CMD upang pagtibayin ang pakana ni Arroyo na itulak ang "chacha" at isaisantabi ang mga panawagang bumaba siya sa pwesto sa 2007. Sa pulong na ito, nilunod rin ang mga paqtutol sa mga naunang panukalang suportado ni Arrovo na kanselahin ang eleksyon sa 2007.

Ang balak na "chacha" av niraratsada ng mga loyalistang maka-Arroyo sa Kongreso kung saan mavorva av mga kasapi ng Lakas-CMD. Kaqyat pagkatapos ng deklarasyon

ng Lakas-CMD, pinagtibay sa pulong ng Committee on Constitutional Changes ng Kongreso ang borador na inihanda ng tagapangulo nitong si Rep. Constantino Jaraula. Ang borador na ito ay halaw kalakhan sa inihandang borador ng Constitutional Consultative Commission na binuo ni Arroyo noong nakaraang taon.

Kabilang nilalaman nito ang pagbabago sa anyo qubverno na katatampukan ng pagbuwaq sa Senado, ng pagtatayo ng unicameral na parlamento at paq-aalis ng limitasyon sa terkabila ng malakas na pagtutol ng mga oposisyunistang kongresman, ipinilit ng mga maka-Arroyong kongresman na isama sa adyenda ang pagpapaliban ng eleksyon sa 2007 bagama't iyon umano'y pagbobotohan ng mamamayan.

Sa lahat ng mga balak na pagbabago, kabilang sa magdudulot ng pinakamabibigat na dagok sa mamamayan ang balak na baguhin ang depinisyon sa mga kalayaang sibil at pag-aalis ng mga restriksyon sa mga dayuhang pamumuhunan. Itinutulak ito ng rehimeng Arroyo bilang pagsunod sa magkatambal na dikta ng imperyalismong



ang ekonomya ng Pilipinas sa pagpasok ng mga dayuhang pamumuhunan alinsunod sa globalisasyon ng "malayang pamilihan" sa kapahamakan ng lokal na ekonomya.

Sa kabila ng mayoryang kontrol nito sa Kongreso, batid ng rehimeng Arroyo na daraan sa butas ng karayom ang balak na pagbabago sa konstitusyon. Maging ang ilang kapartido at kapanalig ni Arroyo sa Senado, kabilang sina Sen. Juan Flavier, Sen. Richard Gordon, Sen. Joker Arroyo at Sen. Miriam Defensor-Santiago, ay tutol sa planong madaliin ang pagbabagong ito.

Sakaling bumara ang balak na mapangibabawan ang pagtutol ng Senado (kabilang ang di nito pagsang-ayon sa pagpapatawag ng bicameral na pulong ng Kongreso na may mayoryang kontrol ng Lakas-CMD), itinutulak na ngayon ng Malakanyang, sa pamamagitan ng Union of Local Authorities of the Philippines (ULAP) ang "people's initiative" upang palabasing may malawak na suporta ng mamamayan ang pagbabago ng konstitusyon. Ito'y kahit pa inilinaw na ng Korte Suprema sa katulad na kaso noong 1997 na hindi ito maaaring gawin hanggat wala pang umiiral na batas para rito.

Masaker sa Mendiola, ginunita

NAGLUNSAD ng rali sa Mendiola nitong Enero 20 ang mahigit 2,000 myembro ng Kilusang Magbubukid sa Pilipinas (KMP), Pamalakaya, Anakpawis, Gabriela, Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at iba pa bilang paggunita sa anibersaryo ng Masaker sa Mendiola noong Enero 22, 1987.

Ipinirma ng mga ralyista ang sariling dugo sa isang manipesto ng kanilang komitment sa pakikibaka para sa katurungan sa mga biktima ng karahasan sa Mendiola, para sa karapatan sa lupang binubungkal at para sa pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo.

Ang paggunitang ito ay ginawang pambungad sa planong 100 araw ng protesta na ilulunsad para igiit ang pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo.

Wiretapping laban sa mga karibal ni Arroyo, nabunyag

NABUNYAG sa pagdinig ng Senado nitong Enero 19 ukol sa "Hello Garci" tapes na laganap ang isinasagawa ng ISAFP (Intelligence Service of the AFP) na wiretapping o pakikinig sa mga usapan sa cellphone ng mga karibal ni Gloria Arroyo noong panahon ng eleksyon noong 2004. Ang mga ipinadinig na teyp ay nagmula kay Atty. Samuel Ong na binili niya mula sa ahente ng ISAFP na si T/Sgt. Vidal Doble. Batay sa mga ipinadinig na teyp, makikitang ginamit ang ISAFP upang maniktik kina dating Sen. Gregorio Honasan (na noo'y nagsilbing hepeng panseguridad ng kandidatong si Fernando Poe, Jr.) at Sen. Panfilo Lacson (na kumanandidato ring presidente).

Impeachment kay Arroyo, inihahanda ng oposisyon

NGAYON pa lamang, inihahanda na ng mga oposisyunista ang panibagong kaso ng *impeachment* laban kay Gloria Arroyo. Ang tugon nilang ito ay pagbabasura sa panawagan ni Arroyo na madaliin ang pag-aamyenda sa konstitusyon na itinuturing nilang maniobra para tabunan ang panawagang patalsikin si Arroyo mula sa Malakanyang. Nakatakda nilang isampa ang kasong ito sa Hunyo 30, isang taon mula nang mabigo ang huling kasong *impeachment* na isinampa laban kay Arroyo. Nitong Enero 17, pormal na tinanggihan ng Kongreso ang kasong *impeachment* na muling isinampa ni Atty. Oliver Lozano, abugado ni Imelda Marcos. Katulad ng ginawa niya noong nakaraang taon, hangad niyang muling idiskaril ang pagsasampa ng oposisyon ng mas matibay na kaso.

Patuloy na pagkakahati ng kampong Arroyo

Ang pulong ng National Directorate ng Lakas-CMD noong Enero 14 ay idinaos sa layuning plantsahin ang tunggalian sa pagitan ni Gloria Arroyo at ni dating presidente Fidel V. Ramos na tahasang nananawagan na putulin ni Arroyo ang kanyang termino sa 2007. Bago ang pulong na ito, nagmadali ang Malakanyang na kumbinsihin si Ramos na iatras ang kanyang mga paninindigan.

Pinalalabas ng Malakanyang na ang naganap na pulong ng Lakas-CMD ay konsolidasyon ng suporta para kay Arroyo. Subalit ang katunayan, nananatili ang malalim na lamat sa loob ng Lakas-CMD. Kung mayroon mang nabuong konsensus, ito ay ang pagpapaliban ng pagresolba sa usapin ng termino ni Arroyo.

Isang araw pagkalipas ng pulong na ito, tumanggi pa rin si Ramos na magpahayag ng tuwirang pagsuporta kay Arroyo. Ayon sa kanya, kinailangan niyang maging "pleksible" sa idinaos na pulong ng Lakas-CMD. Pahiwatiq ito na wala siyang sapat na pwersa upang pangibabawan ang pwersa ni Arroyo. Kung hanggang saan igigiit ni Ramos ang kanyang panawagang putulin ni Arroyo ang kanyang termino ay magdedepende sa kanyang impluwensya at kakayahang magtipon ng pwersa laluna sa hanay ng militar at pulisya. ΑB

Krisis sa kabuhayan, lalong lumala noong 2005

Alakaran na ng rehimeng Arroyo ang magbandera ng mga walang saysay o dinuktor, kundi man tahasang kasinungalingan na mga estadistika upang pagtakpan hindi lamang ang lumalalang krisis pangkabuhayan kundi pati ang krisis sa paghahari nito. Hindi naiiba rito ang pinakahuling pagmamayabang ni Arroyo kaugnay sa paglakas ng piso kontra sa dolyar sa huling kwarto ng 2005, na bunga lamang ng paglaki ng pumasok sa bansa na remitans ng mga manggagawang Pilipino na nasa labas ng bansa at mga dayuhang puhunan na sa kalakhan pa'y mga ispekulatibo at panandaliang kapital.

Dala ng tumitinding desperasyong makapanatili sa poder, lumalala ang pag-iilusyon ni Arroyo. Sa kumbensyon ng kanyang partido noong Enero 14, ipinangalandakan ni Arroyo ang kunwa'y pag-unlad sa ekonomya bilang patunay ng kawastuan ng kanyang mga patakaran at paghahari. Aniya, nasa wastong landas ng pagbwelo ang ekonomya at nananatiling matatag ang pundasyon nito.

Malayong-malayo ang larawan ng "umuunlad na Pilipinas" ni Arroyo sa tunay na kalagayan ng mamamayang Pilipino. Kahit pagbatayan ang sariling estadistika ng gubyerno, hindi lamang naghirap ang mga Pilipino noong nakaraang taon, mas mahirap sila nitong 2005 kumpara sa naunang mga taon.

Sa buong kasaysayan ng Pilipinas, pinakainutil ang rehimeng Arroyo sa pagpapababa ng tantos ng disemplevo. Pinatampok ito ng naitalang tantos ng mga walang trabaho at walang sapat na trabaho sa nakaraang limang taon ng paghahari ng rehimen. Kahit sa pinaganda nang datos ng gubyerno, umaabot sa 4.1 milyong manggagawa ang walang trabaho at pitong milyon ang "kulang sa trabaho" at hindi kumikita ng sapat para sa kanilang mga pangangailangan. Bunga ng lumalalang disempleyo at kahirapang makapaghanap ng trabahong mapagkakakitaan ng sapat sa Pilipinas, higit nang nakararami

at mas dumami pa ang mga manggagawang nagnanais lumabas ng

bansa upang maghanap ng trabaho. Ayon sa sarbey ng Pulse Asia noong huling kwarto ng 2005, 33% ng pwersa sa paggawa na naiwan sa bansa ang may balak na mangibang-bansa, mas mataas nang 6% kumpara sa nakaraang taon. Dagdag pa

ito sa mahigit siyam na milyong manggagawang Pilipino o mahigit 25% na ng nakatalang pwersa sa paggawa na nasa labas na ng bansa.

Pinakamatarik ang pagtaas ng mga presyo ng bilihin at serbisyo noong nakaraang taon. Pinakamadalas at pinakamabilis ang pagsirit ng presyo ng mga produktong petrolyo na tumaas nang mahigit 30% kumpara sa presyo nito sa katapusan ng 2004. Dinoble nito ang mga presyo ng produktong petrolyo kumpara noong 2001, ang unang taon ni Arroyo sa poder. Kasabay nito, tumaas nang 24% ang baravin sa kurvente at 52% and bayarin sa tubiq. Ibayo pang tumaas ang mga presyo ng bilihin dulot ng sunud-sunod na ipinataw na buwis. Pinakamatindi rito ang pagpapatupad ng expanded value-added tax (EVAT). Sa isang bigwas, itinaas ng EVAT nang 10% and presyo ng pagkain, mga batayang utilidad at iba pang serbisyo tulad ng pagpapadoktor na noo'y hindi sakop ng VAT. Masahol pa, madadagdagan pa ng 2% ang kasalukuyang 10% EVAT sa karamihan ng mga produkto sa unang kwarto ng taon.

Upang mabuhay nang disente, kinakailangan na ng isang pamilyang may anim katao ng ₱666/araw sa Metro Manila at ₱535/araw sa iba pang bahagi ng bansa. Ipinako ni Arroyo ang minimum na sahod sa ₱250/araw at aktibo pa niyang hinahadlangan ang mga pagsisikap ng mga manggagawa at kawani na itaas ang kanilang mga sweldo at sahod. Hindi sapat,

at nakaiinsulto pa nga ang barya-barya lamang na pagtataas sa sahod at P25 hanggang P50 na dagdag sa mga pansamantalang Cost of Living Allowance. Pinakamataas na ang P25 pagtaas na ipinagkaloob ng rehimen sa mga manggagawa sa

NCR. Sa ilang bahagi ng bansa, animo'y limos ang ₱5/araw dagdag sa sahod na ibinigay ng rehimen. Kasabay ng pagsirit ng presyo ang matarik ding pagbagsak ng tunay na halaga ng mga sahod at sweldo.

Napakarami at napakatingkad ng iba't ibang palatandaan ng paghihikahos ng mamamayan kaya imposible ang ipinagmamalaki ng rehimeng Arroyo na umuunlad ang bansa. Papalaking bilang ng mamamayan ang nagugutom, paparaming bata ang hindi nakapag-aaral, paparaming maysakit ang nagtitiis na lamang dulot ng nagtataasang presyo ng pagpapatingin at mga gamot. Walang nakikinikinita na pakinabang ang mamamayan sa mga "estadistikang pampaganda" at hungkag na mga pangako ng pag-unlad ni Arroyo. At sa kanyang desperadong tangkang pabanguhin ang kanyang papet, bulok at brutal na rehimen, lalo lamang tumitindi ang pagkamuhi sa kanya ng mamamayan.

Lumalaganap na gutom

ampok sa sunud-sunod na mga sarbey at maging sa sariling mga estadistika ng gubyerno ang lumalaking bilang ng mamamayang dumaranas ng gutom at matinding kahirapan. Ayon sa Social Weather Stations (SWS), naitala noong Disyembre ang pinakamataas na bilang ng mga dumanas ng gutom (16.7%) sa nakaraang mga taon na isinasagawa ang gayong sarbey. Umaabot sa 14 na milyong Pilipino ang dumanas ng gutom ng di bababa sa isang beses sa nakaraang tatlong buwan.

Ayon sa huling sensus ng NSCB noong 2003, apat na milyong pamilya (24 milyon katao o 37.5% ng populasyon) ay hindi kumikita ng sapat kahit para sa kanilang batayang pangangailangang pampagkain.

Mas marami pa ang naghihirap at nagugutom sa Pilipinas kaysa sa lumabas sa sarbey ng SWS kung ang pagbabatayan ay ang internasyunal na pamantayan na ang dumaranas ng matinding kahirapan ay yaong nabubuhay lamang sa \$2 bawat araw. Taong 2004 pa nang sabihin mismo ng Food and Nutrition Research Institute ng Department of Science and Technology na 80% ng mga pamilya ay nagugutom.

Sa pag-aaral naman ng Ibon Foundation, itinatago lamang ng gubyerno ang tunay na larawan dahil halos 90% ng mga Pilipino ay mahirap.

Ayon sa pagtaya ng IBON Foundation, noong Hulyo 2005 ay umaabot na sa ₱635.81 bawat araw ang kinakailangan ng anim-kataong pamilya sa National Capital Region (NCR) para mabuhay nang disente. Noong pang Mayo 2005, ayon mismo sa National Wages and Productivity Commission, nasa P666 bawat araw na ang nakabubuhay na sahod sa NCR. Sa kabila nito, nakapako pa rin sa P250 kada araw, o halos sangkatlo lamang ng nakabubuhay na sahod, ang minimum na sahod ng mga manggagawa. Sa katunayan, mayorya sa kanila ay tumatanggap ng di hamak na mas mababa pa rito.

Ang sagot ng rehimeng Arroyo:

lunurin ang mamamayan sa noodles! Nitong Enero 2, nangako si Arroyo ng \$\P\$500 milyong pondo para sa pagbubukas at operasyon ng mga tindahan kung saan maaaring bumili ng pagkain sa murang halaga umano. Sa tinaqurianq "Tindahang Pinov (TP)," magiging abot-kaya diumano ang mga batayang pagkain katulad ng bigas at noodles sa pinakamahirap na Pilipino dahil babalikatin umano ng qubyerno ang bahaqi nq mqa presyo nito. Bibiqyan umano ng ID ang matutukoy na pinakamahihirap. Hanggang dalawang kilo ng bigas lamang bawat araw ang maaaring

Lubhang nakaiinsulto na pangunahing aytem na ma-

mabili ng bawat pa-

milva.

bibili sa mga Tindahang Pinoy ay noodles. Ang noodles na karaniwang inuulam ng mahihirap sa kakarampot na kanin ay siya na ngang ipinabibili ng rehimen sa mamamayan. Tila hindi para sa mahihirap ang isda, gulay, manok, karne at iba pang masusustansyang pagkain na tuluy-tuloy na tumataas ang presyo sa mga pamilihan. Nagngingitngit ang mamamayan sa malaking panloloko ni Arroyo:

Nagngingitngit ang mamamayan sa malaking panloloko ni Arroyo:
Una, ang bigas sa TP ay ibebenta sa halagang ₱18 saman manan man

NOODLES NI GLORIA

Presyo ng mga bilihin at bayarin, lumolobo

Malaki ang inilobo ng presyo ng mga pangunahing bilihin nang maluklok sa poder si Gloria Arroyo. Ayon sa IBON Foundation noong Agosto 2005, 8% na ang itinaas ng presyo ng bigas na ibinebenta ng NFA noong Hunyo 2005 kumpara noong 2000. Tumaas naman nang 29% ang presyo ng pandesal, 32% ang presyo ng noodles na Lucky Me, 16% ang itlog; 19% ang galunggong; 33% ang kamatis at 22% ang saging. Ayon sa IBON, bumaba sa 77 sentimos ang kakayahang bumili o aktwal na halaga ng piso sa pamilihan dahil sa mga pagtaas na ito.

dating presyo ng bigas na NFA sa mga palengke. Ikalawa, ang *noodles* ay ibebenta umano sa presyong P4.27 samantalang may mabibiling *noodles* sa halagang P4.30 lamang. Maraming salamat sa tatlong sentimos!

Kukunin umano ang P500 milyon sa ipinangako ni Arroyo na ₱35 bilyong pondo para sa "pump priming" o pagpapasikad sa ekonomya. Kung tutuusin, ang puta-putaki at pakitang-taong pamimigay o pagbebenta ng umano'y murang pagkain ay pantakip lamang sa pangungurakot ng mga upisyal ng gubyerno at panunuhol sa mga tagasuporta ni Arroyo sa kalakhan ng pondong nakalaan dito. Kasabay nito, walang kakurap-kurap na idineklara ni Arroyo ang pagpapatupad umano ng mga reporma sa sistema ng pangangalap ng gubyerno ng pondo. Ngunit sa totoo'y isa lamang ang naiisip na paraan ni Arroyo at kanyang mga ekonomista: ang dagdagan ang ipinapataw na buwis sa dati nang nagdarahop at nagugutom na mamamayan. Sa darating na Pebrero, inaasahang ipatutupad ng rehimen ang 2% dagdag sa value-added tax kaya mula 10% ay magiging 12% na ito.

Ilang araw lamang matapos niya ipanghambog ang paglalaan ng ₱35 bilyong pondo para sa "laban sa kahirapan," naobligang aminin ni Sec. Romulo Neri ng Department of Budget and Management na wala pa talagang nakalaang pondo para rito. Kung pipilitin, aabot lamang sa ₱10 bilyon ang maaaring ilibre sa kasalukuyang pondo ng gubyerno para rito. Ang iba pa ay bahagi na ng dating badyet na may iba't iba nang pinaglaanan, o kaya ay hindi na malaman kung saan napunta.

Hindi na bago ang gimik na Tindahang Pinoy ni Arroyo. Nauna na rito ang "Tindahan ni Gloria," pamimigay ng libreng Philhealth *cards* at maging ang maanomalya na pamimigay ng pondong pang-agrikultura na pawang napunta sa kurakot at panunuhol sa mga tagasuporta ni Arroyo. Sa kahuli-hulihan, ang tanging naloloko ni Arroyo ay ang kanyang sarili sa paniniwalang mayroon pa siyang naloloko sa kanyang mga engrande ngunit hungkag na mga pakulo.



Lider ng RPA sa Iloilo, pinarusahan ng BHB

PINARUSAHAN ng Bagong Hukbong Bayan nitong Enero 18 sa Barangay Pepe, Leon, Iloilo si Rufino Cadugo alyas "Rocky," isa sa mga lider ng bandidong grupong "Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade" (RPA-ABB). Ang mga gerilya, na kabilang sa isang yunit ng Napoleon Tumagtang Command, ay nakakumpiska rin ng tatlong semi-awtomatik na pistola, dalawang granada at isang *cellphone*.

Si Cadugo ay isa sa mga nagtayo at namuno sa RPA-ABB noong 1995 matapos magtaksil sa BHB noong 1993. Pinangunahan niya ang maraming kriminal at kontra-rebolusyonaryong aktibidad ng bandidong grupo. Sa ilalim ng hungkag na "kasunduang pangpakapayapaan" sa pagitan ng GRP at RPA-ABB, naging aktibo siya sa mga operasyon ng AFP laban sa rebolusyonaryong kilusan. Isang dating myembro ng BHB si Cadugo na tumangging pumailalim sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Patung-patong ang kasalanan ni Cadugo laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Malaon nang hinihiling ng masang magsasaka laluna sa timog-kanlurang Iloilo na parusahan si Cadugo. Kabilang sa kanyang mga krimen ang pamamaslang, pagnanakaw at ekstorsyon. Kilala rin si Cadugo at ang bandidong RPA-ABB bilang bayarang pwersang panseguridad ng mga lokal na despotikong pulitiko.

Norway, tumangging kilanlin ang "listahan ng mga terorista" ng US at EU

IKINAGALAK ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang pagtanggi ng gubyernong Norway na kilanlin ang mga "listahan ng mga terorista" na binalangkas ng United States at European Union. Sa isang pahayag, sinabi ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, na lalong tumingkad ang papel ng Norway bilang tagapamagitan sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at ng NDFP at para sa pagsusulong ng pandaigdigang kapayapaan at seguridad.

Ayon sa pahayag ng Royal Ministry of Foreign Affairs ng Norway, kung mayroon man silang kikilalanin, ito ang listahan ng United Nations (UN). Sa ngayon ay wala pang minamantining gayong talaan ang UN.

Sa kabilang banda, binatikos ng NDFP ang patuloy na pagmamatigas ng rehimeng Arroyo na tupdin ang mga obligasyon nitong nakasaad sa kasunduang pinirmahan sa Oslo, Norway noong Abril 2004. Dito'y nangako ang GRP na gumawa ng mga hakbang pampulitika at diplomatiko upang matanggal sa listahan ng mga terorista ang PKP, BHB at si Kasamang Jose Maria Sison, punong konsultant pampulitika ng NDFP. Suspendido na mula noong 2004 ang pormal na usapang pangkapayapaan dahil sa hindi pagtupad ng gubyernong Arroyo sa mga obligasyon nito.



Bihag na sarhento, pinalaya ng BHB

PINALAYA na ng BHB-Central Luzon sa batayang makatao si T/Sgt. Marlon Oronan ng 6th Marine Battalion noong Enero 11. Binihag ng BHB si Oronan sa Guagua, Pampanga noong Nobyembre 23, 2005.

Dahil sa pagtanggi ng rehimeng Arroyo at ng AFP na makipag-usap sa BHB, hiningi ng mga kasama sa CL ang tulong ng mga taong simbahan at ilang kaibigan upang maiproseso ang pagpapalaya sa kanya. Inilipat ng BHB ang pangangalaga kay Oronan sa mga madre ng Mother of Good Counsel Seminary sa lunsod ng San Fernando, Pampanga noong Enero 11. Kasama ang isang madre, si Pampanga Archbishop Paciano Aniceto, si Tito Mendiola na dating alkalde ng Floridablanca, Pampanga at ang kanyang asawang si Lilia, agad na nagtungo si Oronan sa himpilan ng pulisya sa Guagua upang iulat ang kanyang paglaya.

Ayon sa isang upisyal sa naturang istasyon, pinauwi nila si Oronan para maghintay ng atas mula sa kanyang yunit. Noong araw ding iyon, tumanggap siya ng atas na dumiretso sa Lanao del Norte kung saan nakaistasyon ang kanyang yunit, at doon na mag-ulat. Kinabukasan, tumungo siya sa paliparan sa Maynila upang sundin ang atas sa kanya.

Tinangka ng AFP na agawin ang eksena sa pamamagitan ng paglubid ng balita na "nailigtas" ng Philippine Marines si Oronan sa paliparan noong umaga ng Enero 12. Ayon sa iskrip ng AFP, natiktikan umano nila na ililipat ng BHB si Oronan sa Mindanao kaya inabangan nila ito sa paliparan. Nailigtas daw nila si Oronan ngunit nakatakas ang mga gwardyang mandirigma dahil iniwasan ng mga sundalo na magkagulo sa mataong paliparan.

Binigyan din nila ng iskrip si Oronan upang umayon ang kanyang pahayag sa katawa-tawang kwento. Upang tiyakin ang kanyang kooperasyon, hinawakan ng AFP ang kanyang asawang si Lilia na noo'y nasa kanilang bahay sa Guagua. Gayunman, hindi sinunod ni Oronan ang iskrip at isiniwalat niyang nauna na nga siyang pinalaya ng BHB doon pa sa Pampanga.

Mariing pinasinungalingan ng NDF-CL ang gawagawang kwento ng AFP. Binatikos din nito ang kawalang malasakit ng militar sa buhay at kagalingan ng kanilang tauhan dahil walang ginawang positibong hakbang ang AFP sa loob ng 48 araw na pagkakabihag ni Oronan.

Tatlong aktibista, pinaslang

WALANG patid ang pamamaslang sa mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon sa pagpasok ng 2006. Sa loob lamang ng tatlong linggo, tatlo na ang pinaslang ng mga tropa ng militar at mga death squad ng rehimeng Arroyo.

Binaril nitong Enero 16 si Ofelia "Nanay Perla" Rodriguez, 61, sa loob ng kanyang bahay sa Mexico, Pampanga. Si Nanay Perla ang lider ng Divisoria Farmers Association, kapatid na organisasyon ng Agumandareng Maglalautang Capampangan (AMC) at ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL). Karga-karga ni Nanay Perla ang kanyang isang-taong gulang na apo nang barilin siya nang malapitan. Ayon sa mga nakasaksi, dalawang lalaki na tumakas sakay ng isang motorsiklo ang salarin.

Bago ito, natagpuang patay noong Enero 11 si Armando Leabres, kasapi ng Bayan Muna. Dinukot siya noong Enero 10 sa Penaranda, Nueva Ecija. Tatlong araw bago ito, pinagbabaril sa tapat ng kanyang bahay sa San Miguel, Bulacan si Noli Villalon, isang lider magsasaka.

3 helikopter ng US, pinabagsak ng mga gerilyang Iragi

TATLONG helikopter ang napabagsak ng mga gerilyang Iraqi nitong unang hati ng Enero, patunay ng patuloy na pagsulong ng kanilang pakikibaka laban sa mga mananakop na Amerikano.

Napabagsak ng mga gerilyang Iraqi noong Enero 16 ang isang helikopter na ginagamit ng Task Force Ironside para bombahin ang distrito ng Darmiya sa hilaga ng Baghdad. Noong Enero 13 naman, dalawang piloto ang napatay nang tamaan ng mga gerilya ang sinasakyan nilang helikopter sa Mosul. Bago ito, walong sundalong Amerikano ang napatay nang sumabog ang kanilang sinasakyang helikopter sa Tal Afar, hilaga ng Baghdad noong Enero 6.

Bukod sa mga dayuhang armadong pwersa, tinitira rin ng mga gerilyang Iraqi ang mga tropa ng papet na gubyernong Iraqi na itinayo ng US. Tinambangan at napatay nila nitong Enero 16 ang walong pwersang panseguridad. Dalawang pulis ang inambus sa distrito ng Shaala at isa pa ang pinarusahan ng kamatayan sa Adhamiya sa bahaging kanluran. Limang sundalo naman ng Iraqi National Guard ang napatay sa pananambang sa Zaitum, kanluran ng Baqhdad.



Taon XXXVII Blg. 2 Enero 21, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Suportahan ang mga positibong elemento sa AFP at PNP

inibigyangpugay ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB) at iba pang rebolusyonaryong pwersa ang mga progresibong sundalo ng AFP at PNP sa ipinakikita nilang paninindigan at kapasyahang magpursige sa pakikibaka para patalsikin ang bulok, papet at anti-mamamayang rehimeng Arroyo at isulong ang isang bagong sistemang tunay na nagtataguyod sa interes ng ma-Pinatunayan ito sa pagtakas nila Capt. Nathaniel Rabonza, 1Lt. Lawrence San Juan, 1Lt. Sonny Sarmiento at 1Lt. Patricio Bumidang noong gabi ng Enero 17 mula sa kanilang kulungan sa Fort Bonifacio. Sinundan nito ang pagtakas ni Capt. Nicanor Faeldon no-

> ong Disyembre 14 at ang kanyang pananawagan para sa

> > civil disobedience laban

sa rehimeng Arroyo.

Ang mga upisyal

na ito ay kabi-

lang sa

m q a

namuno sa protesta sa Oakwood noong 2003.

Ang mga tumakas na upisyal at mga kasamahan nilang nagtataguyod ng mga demokratiko at patriyotikong mithiin ay maituturing na mga progresibong elemento sa AFP at PNP.

Ang mga pagtakas na ito ay nagtagumpay dahil sa tulong ng kapwa nila mga sundalo at upisyal sa loob ng AFP, na tulad nila'y qalit sa bulok na rehimen at handa ring lumaban. Ipinakikita nito na lumalaking bilang ng mga elemento ng AFP at PNP ang labis nang namumuhi sa rehimen, handang kumilos para talikuran at ibagsak ito at tuluy-tuloy nang makibaka para sa pagbabago ng sistemang panlipunan. Napakahungkag ng pagmamalaki ni Arroyo na nananatiling buo ang chain of command at makaaasa pa rin siya sa katapatan ng militar at pulisya. Ang totoo, kukurog-kurog ngayon ang kanyang mga tuhod sa ibayong paglawak ng mga pwersang desididong patalsikin siya sa

Nagtaas ng alerto ang AFP-PNP at nagbanta ang Malakanyang na sasalubungin nito ng dahas ang sinumang umatras mula sa *chain of command*.

Nakalulugod ang panawagan ng mga nakatakas na upisyal sa kasundaluhan ng AFP na huwag nang magpagamit sa panu-

Mga tampok sa isyung ito...

Mga kasamang nakakulong, itinakas PAHINA 4 4 na sundalo patay, 8 sugatan sa ambus sa Samar PAHINA 5 Ka Nadia: Babaeng kumander ng BHB PAHINA 5

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*